# Hukom Debora

**(Hukom 4)**



Si Debora ay isang babaeng propeta at hukom ng Israel. Hukom ang tawag sa itinalaga ng Diyos na mga pinunong magliligtas sa mga Israelita mula sa kamay ng mga mananakop.

Nakasanayan na ni Debora na umupo sa ilalim ng isang puno ng palmera sa kaburulan ng Efraim. Kapag may mga di-pagkakaunawaan ang mga Israelita, siya ang kanilang pinupuntahan.

Isang araw, tinawag niya si Barak, "Ipinag-uutos ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, na pumili ka ng sampung libong kawal at dalhin mo sila sa Bundok ng Tabor. Dito ninyo lalabanan ang pangkat ni Sisera sa Ilog Kison. Doon kayo pagtatagumpayin ng Diyos."

Noong mga panahong iyon, ang bayan ng Israel ay nasasakop ni Haring Jabin ng Hazor. Si Sisera naman ang punong pinuno ng kanyang hukbo. Pinahintulot ng Diyos ang kanilang pagkaapi bilang parusa sa kanilang kasamaan at pagtalikod sa Kanya. Sa loob ng dalawampung taon, pinahirapan at inapi ni Jabin ang mga Israelita.

"Pupunta ako kung kasama ka. Ngunit kung hindi ka sasama, hindi ako pupunta"tugon ni Barak. Sinabi ni Debora na siya'y sasama, ngunit hindi maaariing makuha ni Barak ang karangalan sapagkat ayon sa Diyos, ibibigay Niya si Sisera sa kamay ng isang babae. Kaya't umalis si Barak kasama si Debora at ang kanyang sampung libong kawal.

Nalaman ni Sisera na si Barak at ang kanyang mga kawal ay papunta sa Bundok ng Tabor. Kaya tinipon niya ang kanyang siyamnaraang karwaheng bakal at ang lahat ng kanyang kawal patungo sa Ilog ng Kison, gaya ng sinabi ng Diyos.

Sinabi ni Debora kay Barak, "Lusob na! Ngayon ang araw na itinakda ng Diyos para sa iyong tagumpay laban kay Sisera. Pangungunahan ka ng Diyos!" Nang sumalakay si Barak, nilito ng Diyos si Sisera. Lumikas ang mga kawal niya. Bumaba si Sisera mula sa kanyang karwahe at tumakbo. Hinabol ni Barak ang mga karwahe ni Sisera at pinatay ang lahat ng kanyang tauhan.

Samantala, nakatakas si Sisera at nagtago sa tolda ni Jael. Tinakpan ni Jael si Sisera ng kumot. Pinagbilin ni Sisera kay Jael na manatili sa pintuan ng tolda at sabihing walang ibang tao doon maliban sa kanya.

Dahil sa matinding pagod, nakatulog si Sisera nang mahimbing. Kinuha ni Jael ang martilyo at tulos ng tolda at ito'y pinukpok sa noo ni Sisera.

Nang dumating si Barak na naghahanap kay Sisera, sinabi ni Jael na naroon ang hinahanap niya. Pagpasok ni Barak sa tolda, nakita niyang patay na si Sisera. Gaya ng sinabi ni Debora, ibinigay ng Diyos si Sisera sa kamay ng isang babae.

Nang araw na iyon, pinagtagumpay ng Diyos ang bayan ng Israel laban kay Haring Jabin. At nagkaroon ng kapayapaan sa lupain sa loob ng apatnapung (40) taon.

Ang kuwento ni Debora ay nagpapakita ng katarungan at pagliligtas ng Diyos para sa Kanyang bayan. Sa kabila ng kanilang pagsuway at pagdurusa, nanatiling tapat ang Diyos sa mga Israelita at namagitan, sa kanilang kagipitan sa pamamagitan ni Debora at iba pang piniling mga pinuno. Ito ay isang paalala ng kapangyarihan ng Diyos at ng Kanyang pangako na iligtas ang mga humahanap at naghahangad sa Kanya.

